



NEW MUSLIM
ACADEMY

Ang Mga Banal na Kasulatan ng Allah

Ang isa sa mga paniniwala sa Islam ay ang paniniwala sa mga Banal na Kasulatan na ipinahayag ng Allah.

Ang mga banal na kasulatang ito ay ipinadala bilang gabay at liwanag sa ilang mga piniling Sugo ng Allah bilang kautusan sa kanila at sa kanilang mga tao. Ang mga banal na kasulatang ito ay hindi pinadala para sa kanilang sarili, sa halip ang isang hinirang na Sugo ay ang laging tatanggap ng nasabing Banal na regalo at naatasang magpaliwanag at isabuhay ang banal na kasulatan sa totoong buhay. Hindi ipinadala ng Allah ang isang banal na kasulatan maliban na may isang taong sugo na mahusay na ipaliliwanag ang kautusan ng Allah at tunay na maisasabuhay ang mga ito sa isang paraan kung saan maiuugnay tayo at mauunawaaan.

Halina't tingnan natin ang ilang mga mahahalagang aspeto na may kaugnayan sa mga Banal na Kasulatang ito....



Isang Pangunahing Bahagi Ng Pananampalataya

Sa ilang bilang ng mga talata ng Qur'an ay inutusan tayo ng Allah na paniwalaan ang mga Banal na Kasulatan ng Allah. "Ikaw na naniniwala, maniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo at sa Banal na Kasulatan na Kanyang ipinadala sa Kanyang mga Sugo, gayundin ang ipinadala Niya noon sa ibang mga Sugo. Sinumang hindi naniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Banal na Kasulatan, sa Kanyang mga Sugo at sa Huling Araw ay malayong naligaw." (4:136)

Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) na ang paniniwala sa mga Banal na Kasulatan ng Allah ay isa sa anim na pangunahing bahagi ng tunay na pananampalataya upang makamit ang kaligtasan.



Ang Bilang Ng Mga Banal Na Kasulatan na Ipinahayag

Ang Allah ay nagpahayag ng maraming banal na kasulatan sa buong kasaysayan. Ang mga Muslim ay naniniwala na ang lahat ay totoo at ang orihinal na mga Banal na Kasulatan ay nagmula sa Allah at naglalaman ng patnubay. Gayunpaman, limang Banal na Kasulatan lang ang alam natin sa pangalan. Ang limang ito ay ang mga sumusunod:

- i. Ang Torah na ipinagkaloob kay Moses (AS)
- ii. Ang Ebanghelyo na ipinagkaloob kay Hesus (AS)
- iii. Ang mga Dokumento o Salmo na ipinagkaloob kay David (AS)
- iv. Ang Perganimo ni Abraham at Moses (AS)
- v. Ang Qur'an na ipinagkaloob kay Muhammad (SAWS)



Pag-unawa Sa Paniniwala Sa Mga Banal Na Kasulatan na Inihayag

Ang paniniwala sa inihayag na Banal na Kasulatan ng Allah ay binubuo ng apat na mga elemento.

Una, naniniwala tayo na ang lahat ng mga ito ay nagmula sa Allah at na ipinahayag ng Allah ang mga salitang ito. “Direktang nakipag-usap ang Allah kay Moises (AS).” (4:164) Pangalawa, naniniwala tayo na nagpadala ang Allah ng maraming Banal na Kasulatan at tinatanggap natin ang lahat ng ito bilang mga salita ng Allah. Tahasang naniniwala tayo sa limang binanggit sa itaas sa kanilang orihinal na anyo. Ang mga pangalan ng limang Banal na Kasulatan ay tahasang binanggit ng Allah sa Qur’an.

Pangatlo, tinatanggap natin ang lahat ng bagay na nasa orihinal ng mga Banal na Kasulatan. Tanging ang Qur’an ang nananatili sa dalisay na anyo nito. Anuman ang natitira sa ilan sa mga ito ay binago. Narito pa rin ang ilang katotohanan sa kung ano ang nanatili na pinagtibay ng Qur’an. Ang lahat ng mga Banal na Kasulatang ito ay nanawagan sa pagsamba sa Nag-iisang tunay na Panginoon sa Kanyang mga alituntunin at mga kondisyon.

Pang-apat, ang Qur’an ay isang patotoo at isang saksi sa nakaraang mga Banal na Kasulatan. Ang Qur’an ay pinawalang-bisa at pinalitan ang bawat Banal na Kasulatan na nauna rito. Sinabi ng Allah, “Ipinadala Namin sa iyo, O Muhammad (SAWS), ang Banal na Kasulatan na may katotohanan, na nagpapatunay sa mga Banal na Kasulatan na nauna rito, at na may pangwakas na kapangyarihan sa kanila.” (5:48)



Bakit Inihayag Ng Allah Ang Mga Banal Na Kasulatan?

May ilang mga dahilan kung bakit ipinadala ng Allah ang Banal na mga Kasulatan. Sa pamamagitan ng banal na kasulatan ay pinagtibay ng Allah ang patunay laban sa sangkatauhan kung lalabag sila sa tahasang utos ng Allah na sambahin lamang Siya. Ang Banal na Kasulatan ay naglalaman din ng mga batas para sa sangkatauhan na mabuhay at sumamba sa Allah. Sa gayon, ang mga Banal na Kasulatan ay ang mga sanggunian at mapagkukunan ng batas at tuntunin ng moralidad. Tulad nito, ang hindi pagkakaunawaan ay maaaring ayusin sa pamamagitan ng pagtukoy sa tagubilin ng Allah ayon sa mga salita ng Allah. Bukod pa rito, pinapanatili ng mga Banal na Kasulatan ang Tunay na Relihiyon ng Allah, ang Islam mula sa katiwalian. Ang mga Banal na Kasulatan ay nagbibigay din ng katibayan sa pagiging totoo ng mga Sugo ng Allah ipinapakita na sila ay tunay na pinili at ipinadala ng Allah.

Paano Mauunawaan Ang Banal Na Kasulatan

Las escrituras divinas siempre fueron reveladas a los mensajeros elegidos por Dios. Fueron los Mensajeros de Dios quienes luego explicaron las escrituras y nos dijeron su correcta interpretación. Fue su aplicación de las escrituras lo que llevó a la correcta comprensión de las palabras de Dios. Esto fue para que la gente no difiriera sobre las palabras de Dios o las malinterpretara para satisfacer sus propios caprichos y deseos.

Por eso, junto con el Corán tenemos el ejemplo de vida y la tradición del Mensajero Muhammad que nos explican claramente las palabras del Corán y los mandatos de Dios. Dios nos ordena realizar la devoción ritual prescrita, ayunar, dar caridad y hacer la peregrinación en el Corán. El Mensajero Muhammad, a través de su ejemplo vivo, nos mostró la manera de realizar la devoción ritual prescrita, el ayuno, la caridad y la peregrinación. También nos instruyó para que siguiéramos su ejemplo al hacerlo. Se nos dice que Dios no aceptará ningún acto de devoción si no cumple y no coincide con el ejemplo y el modelo del Mensajero Muhammad. La tradición del Mensajero Muhammad, la Sunnah, es también revelación de Dios y por lo tanto debe ser seguida como el Corán.



Ang Qur'an - Ang Huling Banal na Kasulatan

Ang Qur'an ay iba sa ibang mga Banal na Kasulatan na dumating na ito ang huling Banal na Kasulatan ng Allah. Wala ng iba pang Banal na rebelasyon pagkatapos nito. Ito ay mahimala at walang katulad, ito ay hindi maaaring kopyahin. Ang Allah ay nanumpa sa Qur'an na ito ay iingatan at poprotektahan mula sa pagbabago at katiwalian. Hindi ito ang nangyari sa naunang mga Banal na Kasulatan. Ang Qur'an ay nagpapatunay sa katotohanan na nakapaloob sa naunang mga Banal na Kasulatan at pinawalang-bisa ang lahat ng mga kapasyahan na nauna rito. Ang lahat ng nasa Qur'an ay ang katapusan at pumalit sa lahat ng mga nauna rito.

Pangalagaan ka nawa ng Allah. Aameen